# *Pagninilay mula sa Aklat ng Ruth Yugto 15*

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito na ating sinimulan sa pagninilay mula sa aklat ng Ruth.

***"12 At ang iyong sangbahayan ay maging gaya ng sangbahayan ni Phares, na ipinanganak ni Thamar kay Juda, sa binhi na ibibigay ng Panginoon sa iyo sa batang babaing ito." (Ruth 4:12 KJV)*** Si Phares kung saan nagmula ang mga Bethlehemita gaya ng nalathala mula sa ***Ruth 4, "18 Ito nga ang mga lahi ni Phares: naging anak ni Phares si Hesron: 19 At naging anak ni Hesron si Ram, at naging anak ni Ram si Aminadab: 20 At naging anak ni Aminadab si Nahason, at naging anak ni Nahason si Salmon:21 At naging anak ni Salmon si Booz, at naging anak ni Booz si Obed;" (Ruth 4:18-21 KJV)*** Si Phares ay ipinangak ni Tamar kay Juda, na mula sa ibang bansa at nagmula ang nakapakaraming bilang ng pamilya; isa sa limang pamilya ni Juda (sapagkat si Juda ay may limang anak na mga lalaki); at hinihiling nila na ang pamilya ni Booz, sa pamamagitan ni Ruth, ay maging marami, nagtitiwala sa Dios na pagpapalain Niya ang binhi na ibibigay ng Panginoon sa pamamagitan ni Ruth gaya ng ating babasahin, ***sa binhi na ibibigay ng Panginoon sa iyo sa batang babaing ito."*** Iyon ay totoo sapagkat ang Panginoon ay kayang magpala at magbigay ng pagdami sa isang pambihirang paraan.

Sa ilang paliwanag ay nabanggit na sinasabi ng mga Judio, na si Booz ay kapareho kay Ibzan, bagama't nais nito ng patunay; siya ay nagkaroon ng napakaraming supling, tatlumpung anak na lalaki at tatlumpung anak na babae gaya ng ating mababasa rito, ***"8 At pagkamatay niya, si Ibzan na taga Bethlehem ang naghukom sa Israel. 9 At siya'y nagkaanak ng tatlong pung lalake, at ang tatlong pung anak na babae ay kaniyang ipinadala sa ibang bayan, at tatlong pung anak na babae ay kaniyang ipinasok mula sa ibang bayan para sa kaniyang mga anak na lalake. At naghukom siya sa Israel na pitong taon." (Mga Hukom 12:8-9 KJV)*** * Ang punto dito ay kapag sinasalita natin ang tungkol sa pagpapala ng Dios, hindi nating kayang unawain kung paano magpala ang Dios minsan higit sa ating iniisip at higit kaysa sa ating inaasahan. Kaya naman kailangan nating magpatuloy na magtiwala sa Dios, at ang patunay na tayo'y nagtitiwala sa Dios ay kapag handa nating ipakita sa pagsunod natin sa utos ng Dios. * Tayo ay sumusunod sa mga utos ng pag-iikapu dahil tayo;y nagtitiwala na bubuksan ng Dios ang durungawan ng Langit. Tayo ay sumusunod sa Dios at pinapatawad ang ating mga kaaway kapag sila'y nagsisisi nagtitiwala sa Dios upang protektahan tayo.

***"13 Sa gayo'y kinuha ni Booz si Ruth, at siya'y naging kaniyang asawa; at siya'y sumiping sa kaniya, at pinapaglihi ng Panginoon, at siya'y nanganak ng isang lalake." (Ruth 4:13 KJV)*** * * Makikita mo nang isinaayos ng Dios ang lahat sa pag-aasawa ay handa at nasa lugar at walang maraming panahon at bayarain sa paghahanda para sa araw ng pag-aasawa gaya ng nasasaksihan natin ngayon; sa paghahanda ng mga damit, paghahanda ng lugar, pagdedekorasyon, mga bulaklak, kung sino ang magdadala ng mga bulaklak, pag-aanyaya sa mga bisita, paglalaan ng higit sa pagkain, paglalakbay upang makadalo sa kasal, atbp. Hindi ko lamang tinatanggihan ang lahat ng mga bagay na ito, kundi sinasabi ko na ang lahat ng mga bagay na ito ay hindi mahalaga para sa paghahanda ng makaDios na pag-aasawa. Makikita mo na nang itinalaga ng Dios ang pag-aasawa walang higit na panahon para sa pakikipagkasundo, at sila'y hindi magkikita at magsasama upang makilala ang isa't isa, lahat ng bagay ay inihanda. Ang Dios na nakakabatid ng lahat, ay pinagtagpo sila sa pag-aasawa at kasal, at pagkatapos ng kasal ay makikilal nila ang isa't isa at mabuting kabiyak na inihanda ng Dios para sa kanila.

"***at siya'y sumiping sa kaniya, at pinapaglihi ng Panginoon, at siya'y nanganak ng isang lalake." (Ruth 4:13 KJV)*** Dito ang isang layunin ng pag-aasawa maliban sa kaloob at gantimpala sa lalaki na makaDios, ang makaDios na asawang babae ay tutulungan siya sa kanyang buhay at magiging responsible upang ihanda ang kanyang sangbahayan at bigyan siya ng kaginhanwan, kagalakan, kapayapaan, gayundin upang magkaroon ng makaDios na mga anak, kaya ang buhay at mga bagay ng Dios ay patuloy at magiging sakdal sa susunod na inapo. At, "***at pinapaglihi ng Panginoon, at siya'y nanganak ng isang lalake."*** Ang mga bata ay hindi ipinanganak batay sa pagpapasya ng tao o pagnanasa, kundi mula sa kalooban ng Dios at bilang gantimpala mula sa Kanya gaya ng mababasa natin dito, ***"3 Narito, ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon: at ang bunga ng bahay-bata ay kaniyang ganting-pala." (Awit 127:3 KJV) "1 Mapalad ang bawa't isa na natatakot sa Panginoon, na lumalakad sa kaniyang mga daan. 2 Sapagka't iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay: magiging maginhawa ka, at ikabubuti mo. 3Ang asawa mo'y magiging parang mabungang puno ng ubas, sa mga pinakaloob ng iyong bahay: ang mga anak mo'y parang mga puno ng olibo, sa palibot ng iyong dulang. 4 Narito, na ganito nawa pagpalain ang tao, na natatakot sa Panginoon. 5 Pagpapalain ka ng Panginoon mula sa Sion: at iyong makikita ang buti ng Jerusalem sa lahat na kaarawan ng iyong buhay. 6 Oo, iyong makikita ang mga anak ng iyong mga anak. Kapayapaan nawa'y suma Israel." (Awit 128:1-6 KJV)*** Ang mga anak ay gantimpala mula sa Dioa para sa tao na nangangatakot sa Dios at lumalakad sa Kanyang mga daan.

***"14At sinabi ng mga babae kay Noemi, Pagpalain ka nawa ng Panginoon na hindi ka binayaan sa araw na ito, na mawalan ng isang malapit na kamaganak; at maging bantog nawa ang kaniyang pangalan sa Israel."***

***(Ruth 4:14 KJV)*** Narito ang mga babaing nakapalibot kay Noemi pagkatapos ipanganak ni Ruth ang isang batang lalaki ay nagpuri sa Panginoon para sa kamaganak, na nag-ingat para kay Noemi, na binili ang lupain at pinakasalan si Ruth at sa pamamagitan nito siya ngayon ay may apo. ***"at maging bantog nawa ang kaniyang pangalan sa Israel."*** Aliman na ang kahilingan ay sa pangaln ng apo o sa pangalan ni Booz na maging bantog, at makilala at lumaganap sa buong Israel, isang tanda ng pagpapala ng Dios sa kanyang buhay.

***"15 At siya'y magiging sa iyo ay isang tagapagsauli ng buhay, at tagapagkandili sa iyong katandaan: sapagka't ang inyong manugang na nagmamahal sa iyo, ay nagkaanak sa kaniya, at siya'y mahigit pa sa iyo kay sa pitong anak." (Ruth 4:15 KJV)*** Narito hinihiling mga kababaihan na ang bagong dating na bata ay hahalili sa iniwan nina Mahlon. Chillion sa kanyang buhay;

1. ***At siya'y magiging sa iyo ay isang tagapagsauli ng buhay,*** Ang bagong panganak na bata ay magiging tagapagsauli sa mga namatay na nawala sa buhay ni Noemi; ang kanyang asawa at ang dalawa niyang anak; si Mahlo at Chillion.

2. ***at tagapagkandili sa iyong katandaan:*** Ang bagong panganak na sanggol ay palalakihin kasama ni Noemi at aalagaan niya ito at aalalayan at aalagaan kapag siya'y lumaki sa kanyang sariling katandaan.

***"sapagka't ang inyong manugang na nagmamahal sa iyo, ay nagkaanak sa kaniya, at siya'y mahigit pa sa iyo kay sa pitong anak." (Ruth 4:15 KJV)*** Ang mga kababaihan ay nagbigay pa ng dahilan kung paanong siya'y magiging tagpaghalili at tagapagkandili para sa kanya sa kanyang katandaaan, sapagkat siya'y ipinanganak sa pamamagitan ni Ruth na nagmamahal kay Noemi at tapat sa kanya. Siinabi nila ang tungkol kay Ruth ng dahil pagmamahal niya sa iyo, ay mahigit pa sa iyo kaysa sa pitong anak na lalaki. Ang pito ay isang sakdal na bilang at iyon ay inilarawan sa sakdal na pagmamahal ni Ruth para kay Noemi. Kapag tayo'y sumusunod sa Dios, bibigyan Niya tayo ng sakdal na mga tao na magmamahal sa atin at mag-aalaga para sa atin.

***"16 At kinuha ni Noemi ang bata, at inihilig sa kaniyang kandungan, at siya'y naging yaya." (Ruth 4:16 KJV)*** Dito kinuha ni Noemi ang bata at sinimulang alagaan siya hindi dahil si Ruth ay abala, nagtatrabaho sa labas, hindi dahil ito'y pananagutan ng mga nakakatandang magulang upang alagaan ang kanilang mga apo at mag-alaga sa kanila, pagsaalang-alang bilang sarling niyang anak sa paghalili sa kanyang namatay na mga anak, upang buhayin ang pangalan ng namatay. Inilagaan ni Noemi siya at iningatan siya, pagkatapos pasusuin ni Ruth at ihiwalay siya, pagkatapos kinuha ni Noemi siya sa kanya, at pinalaki siya. Gaya ng ating nabanggit kanina na ang ilang mga paliwanag ay binanggit gaya ng sinabi ng mga Judio, na si Booz ay kapareho ni Ibzan, kahit na walang patunay, siya ay may napakalaking bilang ng mga supling tatlumpong mga anak na lalaki at mga anak na babae, ***"8 At pagkamatay niya, si Ibzan na taga Bethlehem ang naghukom sa Israel. 9 At siya'y nagkaanak ng tatlong pung lalake, at ang tatlong pung anak na babae ay kaniyang ipinadala sa ibang bayan, at tatlong pung anak na babae ay kaniyang ipinasok mula sa ibang bayan para sa kaniyang mga anak na lalake. At naghukom siya sa Israel na pitong taon." (Mga Hukom 12:8-9 KJV)***

*Patungkol dito kailangan din nating maunawaan at tanggapin na ito ay pananagutan ng ina na manatili sa tahanan at alagaan ang kanyang mga anak at huwag ibigay sila sa pangangalan ng mga tao o ibigay sila sa nakatatandang mga magulang, o sa mga kamaganak at kaibigan na mag-aalaga para sa kanila. Ito ay pananagutan ng ina upang tingnan ang kanyang mga anak at turuan sila sa tahanan habang ang lalaki ay nasa labas at kitain ang para sa ikabubuhay. * Maraming kababaihan sa ngayon ay naiinis sa mga ganyan, at tumangging ihinto ang trabaho at isuko ang kanilang trabaho, ngunit handa nilang isuko ang kanilang mga anak sa pagpapa-alaga sa mga kaibigan at kamaganak upang mangalaga para sa kanila. Ngunit ako'y nanalangin na wala sa inyo sa aking minamahal na mga kapatid na babae ang kumilos sa ganyang paraan.

***"17 At nilagyan ng pangalan ng mga babaing kaniyang kapitbahay, na sinasabi, May isang lalake na ipinanganak kay Noemi; at tinawag nila ang pangalan niya na Obed; siya ang ama ni Isai, na ama ni David." (Ruth 4:17 KJV)*** Malamang na sa ikawalong araw naang siya'y tuliin, at ang mga kapitbahay ay nasa paligid sa pagkakataong iyon, sa panahong iyon ay tila karaniwan na ang pagbibigay ng mga pangalan sa mga bata, gaya ng mababasa natin sa pagkakataong ng pagbibigay sa pangalan para kay Juan Bautista, ***"59 At nangyari, na nang ikawalong araw ay nagsiparoon sila upang tuliin ang sanggol; at siya'y tatawagin sana nila na Zacarias, ayon sa pangalan ng kaniyang ama. 60 At sumagot ang kaniyang ina at nagsabi, Hindi gayon; kundi ang itatawag sa kaniya'y Juan. 61 At sinabi nila sa kaniya, Wala sa iyong kamaganak na tinatawag sa pangalang ito. 62 At hinudyatan nila ang kaniyang ama, kung ano ang ibig niyang itawag. 63 At humingi siya ng isang sulatan at sumulat, na sinasabi, Ang kaniyang pangalan ay Juan. At nagsipanggilalas silang lahat." (Lucas 1:59-63 KJV)*** Ito ay karaniwan na ang pananagutan ng ama na magbigay ng pangalan, at iyon din ay kapareho sa bayan ng Dios sa panahong iyon, at minsan ang kanyang makaDios na mga kapitbahay at malapit na makaDios na mga kaibigan ay tinawag upang magmungkahi at sa kanilang presensya ang pangalan ay ibinigay.

***"May isang lalake na ipinanganak kay Noemi;"*** Dito ay muling pinagtibay na ang bagong ipinanganak na lalaki na ito ay bubuhayin ang pangalan ng namatay, na ipinanganak ni Ruth na naging asawa ng anak na panganay ni Noemi, si Mahlon; at ito, si Obed, ay kay Noemi bilang kapalit ni Mahlon, at sa gayon si Obed ay naging si Mahlon sa kanya, si Noemi.

Si Obed ay malaking kaginhawaan at kalamangan ni Noemi, upang maging kanyang taga-alalay at tagakandili sa kanyang katandaan, gaya ng kahilingan ng mga kapitbahay na kababaihang nakapalibot sa kanya, ***"14 At sinabi ng mga babae kay Noemi, Pagpalain ka nawa ng Panginoon na hindi ka binayaan sa araw na ito, na mawalan ng isang malapit na kamaganak; at maging bantog nawa ang kaniyang pangalan sa Israel. 15 At siya'y magiging sa iyo ay isang tagapagsauli ng buhay, at tagapagkandili sa iyong katandaan: sapagka't ang inyong manugang na nagmamahal sa iyo, ay nagkaanak sa kaniya, at siya'y mahigit pa sa iyo kay sa pitong anak." (Ruth 4:14-15 KJV)***

***"17 At nilagyan ng pangalan ng mga babaing kaniyang kapitbahay, na sinasabi, May isang lalake na ipinanganak kay Noemi; at tinawag nila ang pangalan niya na Obed ; siya ang ama ni Isai, na ama ni David." (Ruth 4:17 KJV) "na si Obed ; siya ang ama ni Isai, na ama ni David."*** Si Isai ay tinawag na Bethlehemita gaya ng ating mababasa rito, ***"At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Hanggang kailan pananangisan mo si Saul yamang aking itinakuwil siya na maging hari sa Israel? Punuin mo ng langis ang iyong sungay, at ikaw ay yumaon, susuguin kita kay Isai na Bethlehemita: sapagka't ako'y naglaan sa kaniyang mga anak ng isang hari." (1 Samuel 16:1 KJV)*** Si Isai bilang taga-lungsod ng Betlehem, kung saang bayang Booz ay nang ipinanganak ang kanyang anak na si Obed, na siyang ama ni Isai; na kung saan si David ay hari ng Israel, at mula sa kanya ay lumitaw ang Mesiyas, para sa knya ang kalta na ito ni Ruth ay isinulat, upang ang Kanyang talaan ng lahi ay malinaw na mahayag; na ginamit ito ng mga Evangelista na si Mateo habang isinulat niya ito gaya ng ating babasahin dito, ***"3 At naging anak ni Juda kay Tamar si Fares at si Zara; at naging anak ni Fares si Esrom; at naging anak ni Esrom si Aram; 4 At naging anak ni Aram si Aminadab; at naging anak ni Aminadab si Naason; at naging anak ni Naason si Salmon; 5 At naging anak ni Salmon kay Rahab si Booz; at naging anak ni Booz kay Rut si Obed; at naging anak ni Obed si Jesse." (Mateo 1:3-5 KJV)*** gayundin ang mga nag-eebanghelyo sa Lucas gaya ng babasahin dito, ***"32 Ni Jesse, ni Obed, ni Booz, ni Salmon, ni Naason, 33 Ni Aminadab, ni Aram, ni Esrom, ni Fares, ni Juda," (Lucas 3:32-33 KJV)***

Ang mga pangalan at talaangkanan ay nakasulat sa Bibliya para sa tiyak na layunin. Maaring hindi natin maunawaan kung bakit, ngunit ihahayag ng Dios ang kahalagahan ng mga ito at ang layunin para doon sa Kanyang panahon.

***"18 Ito nga ang mga lahi ni Phares: naging anak ni Phares si Hesron;" (Ruth 4:18 KJV)***

***Ito nga ang mga lahi ni Phares:*** Si Phares ay anak ni Juda, sa pamamagitan ni Tamar gaya ng ating nabanggit dati sa ***Ruth 4:12*** at sa ***Genesis 38 :29.*** Ang layon ng talaangkanang ito ay upang pagtibayin ang katotohanan ng pahayag ni Jacob sa Shilo, na ang Mesiyas, ay magmumula sa angkan ng Juda, ***"Ang setro ay hindi mahihiwalay sa Juda, Ni ang tungkod ng pagkapuno sa pagitan ng kaniyang mga paa, Hanggang sa ang Shiloh ay dumating; At sa kaniya tatalima ang mga bansa." (Genesis 49:10 KJV)*** at sa gayon ito ay nagsimula kay Phares, na kilala bilang anak ni Juda, at nagtapos kay David, na magiging anak ng Mesiyas, gaya ng pag-aari ng lahat ng Judio at Hentil na naniniwala sa banal na pahayag.

***naging anak ni Phares si Hesron ;*** Si Hesron ay isa din sa mga bumaba kasama ni Jacob sa Egipto, ipinanganak sa lupain ng Canaan, ***"At ang mga anak ni Juda; si Er, at si Onan, at si Sela, at si Phares, at si Zara; nguni't si Er at si Onan ay namatay sa lupain ng Canaan. At ang mga anak ni Phares, si Hezron at si Hamul.'' (Genesis 46 :12 KJV)*** na tinawag ding Esrom sa Bagong Testamento: ***"At naging anak ni Juda kay Tamar si Fares at si Zara; at naging anak ni Fares si Esrom; at naging anak ni Esrom si Aram (Mateo 1:3 KJV)*** at ***"Ni Aminadab, ni Aram, ni Esrom, ni Fares, ni Juda," (Lucas 3:33 KJV)***

***"19 At naging anak ni Hesron si Ram, at naging anak ni Ram si Aminadab;'' (Ruth 4:19 KJV)***

***At naging anak ni Hesron si Ram.*** Si Ram ay tinatawag na Aram ng mga Septuagint, at kaya sa Bagong Tipan: ***"At naging anak ni Juda kay Tamar si Fares at si Zara; at naging anak ni Fares si Esrom; at naging anak ni Esrom si Aram (Mateo 1:3 KJV)*** at ***"Ni Aminadab, ni Aram, ni Esrom, ni Fares, ni Juda," (Lucas 3:33 KJV)*** Ang mga pangalan ay walang pagkakaiba-iba, ni sa aklat ng Mga Cronica o sa mga Evangelista; kapwa ang mga ito, gayundin sa kasunod, ay ipinanganak sa Egipto. Hezron, Ram, at Aminadab sila'y mga salinlahi na nanatili sa Egipto.

***"20 At naging anak ni Aminadab si Nahason, at naging anak ni Nahason si Salmon:'' (Ruth 4:20 KJV)***

***At naging anak ni Aminadab si Nahason,*** Si Nahason ay prinsepe ng angkan ng Juda, nang ang mga Israelita ay umalis sa Egipto, at nasa ilang sa pnahon ng pagtatalaga ng dambana, ***''12 At ang naghandog ng kaniyang alay nang unang araw ay si Naason na anak ni Aminadab sa lipi ni Juda:'' (Mga Bilang 7 :12 KJV)*** na tinawag din Nahason, ***"At naging anak ni Aram si Aminadab; at naging anak ni Aminadab si Naason; at naging anak ni Naason si Salmon;" (Mateo 1:4 KJV) "Ni Jesse, ni Obed, ni Booz, ni Salmon, ni Naason." (Lucas 3:32 KJV)*** at naging anak ni Naason si Salmon; o, gaya sa Hebrew na texto, Salmah, o Salam, ***''11 At naging anak ni Nahason si Salma, at naging anak ni Salma si Booz;" (1 Cronica 2:11 KJV)***

***"21 At naging anak ni Salmon si Booz, at naging anak ni Booz si Obed;" (Ruth 4:21 KJV)***

***At naging anak ni Salmon si Booz,*** *Si Booz ni Rahab na patutot, na naging asawa ni Salmon,* ***"At naging anak ni Salmon kay Rahab si Booz; at naging anak ni Booz kay Rut si Obed; at naging anak ni Obed si Jesse." (Mateo 1:5 KJV)***

***at naging anak ni Booz si Obed;*** Si Obed ni Ruth; na nakita natin sa naunang mga talata.

***"22 At naging anak ni Obed si Isai, at naging anak ni Isai si David." (Ruth 4:12-22 KJV)***

***At naging anak ni Obed si Isai,*** ang Bethlehemita, ang ama ni David: ***at naging anak ni Isai si David."*** Si David ay ang Hari ng Israel, at pinagtanto ng ilan na sa aklat na ito ay sinulat ni Samuel, hindi lamang pagkatapos ng pagkapanganak ni David, kundi pagkatapos na siya ay pinahiran bilang hari sa pamamagitan niya. Dahil dito ay binanggit lamang ang apat na salinlahi, mula sa pagdating ng mga Israelita sa Canaan, hanggang sa kapanganakan ni David, na tatlong daan at animnapung taon, bawat isa sa apat na tao, sina Salmon, Booz, Obed, at Jesse, ay dapat magkaanak ng isang lalaki nang isang daang taong gulang at pataas; at kung saan ay hindi sa lahat ng hindi kapani-paniwala, tulad ng lumitaw sa mg pagkakataon sa susunod na panahon, at samakatuwid ay hindi sa lahat ng imposible, na sa mga sinaunang panahon ang mga tao ng may kahinahunan at mabuting kayarian ay dapat magkaroon ng mga anak sa ganoong gulang.

Ang tanong ngayon ay ito: Bakit sinulat ni Samuel ang aklat na ito pagkatapos ng pagpapahid kay David upang maging hari ng buong Israel? Sinulat ni Sameul ang aklat na ito nang matiyak niya na si Cristo ay maipapanganak mula sa lipi ng Juda sa katuparan ng kapahayagan ni Jacob, na si Jesus ang hari na maipapanganak sa laman mula sa pamilya ng isang Hari, kay David, ***"Ang setro ay hindi mahihiwalay sa Juda, Ni ang tungkod ng pagkapuno sa pagitan ng kaniyang mga paa, Hanggang sa ang Shiloh ay dumating; At sa kaniya tatalima ang mga bansa." (Genesis 49:10 KJV)*** Si Shiloh dito ay si Cristo, dahil Siya ang unang nagtipon sa lahat ng mga bansa at ang mga angkan ng mga tao ay nagkatipon-tipon sa palibot ni Cristo.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ating ipangako ang ating mga daan sa Panginoon, at lumakad sa Kanyang mga daan upang tanggapin Siya upang pangunahan tayo sa daan na nais Niyang tahakin natin.

Kung nais nating mapasa atin ang Dios upang maging ating kanlungan, tagapaglaan, tulong sa panahon ng pangangailangan, sa gayon kailangan nating sumunod sa Dios at sa Kanyang Salita, at ang tagubilin na ipinapada Niya sa atin, upang tayo'y mapasailalim ng Kanyang buong mga pagpapala, Kaya't isagawa natin ang ating natutunan mula sa mensahe, at isagawa nang maingat sa ating buhay. Panginoon ang kaluwalhatian ay sa iyo lamang kay Cristo Jesus na aming Tagapagligtas at Panginoon. Tayo ay manalangin.

***Aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita at sa lahat ng aking natutunan mula sa mensaheng ito.*

*Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalana. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan______________.*

*Panginoon panalangin ko para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na ipinangako ang kanilanga sarili sa layunin ng mensaheng ito. Pangioon gabayan sila at pangunahan sila sa mabuting plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon tulungan sila upang makamit ang iyong layunin sa kanilang buhay. Panginoon dalangain ko na ang layunin na ipinadala mo sa mensaheng ito ay matupad sa buhay ng iyong simbahan at ng iyong bayan. Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming ipatupad ang iyong Salita ant katuruan na aming tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon pangunahan kaming magturo, magpayo, at ihanda ang iyong bayan para sa iyong pagparito. Panginoon puspusin kami ng iyong Banal na Espiritu at pangunahan kaming mag-ebanghelyo at gumawa ng bagong mga alagad upang sanayin ang bagong mga manggagawa, at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain at sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi*

*namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagninilay mula sa aklat ng Ruth Yugto 15. Ruth 4:12-22. Mga Hukom 12:8-9. Awit 127:3. Awit 128:1-6. Lucas 1:59-63. 1 Samuel 16:1. Mateo 1:3-5. Lucas 3:32-33. Genesis 46:12. Mga Bilang 7:12. 1 Cronica 2:11.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.